# Ang patuloy na pag-ubo ay senyales na hindi pa tuluyang napupuksa ang Tuberculosis.

**Mag-ingat sa patuloy na pag-ubo!**

Hindi pa napupuksa nang tuluyan ang Tuberculosis (TB). Patuloy itong kumakalat sa mundo, lalong-lalo na sa mga papaunlad na bansa. Ang sakit na ito ay naipapasa kapag ang tao na may aktibong uri ng TB ay umuubo o bumabahing at naglalabas ng mga patak na naglalaman ng *Mycobacterium tuberculosis* (ang mikrobyo na responsable saTB) at ang mga patak ay nalalanghap ng mga taong malapit sa kanyang paligid.

Ang unang sintomas nito ay pag-ubo, paglabas ng plema, at lagnat. Maari din umubo ng dugo, mawalan ng gana kumain, pagbawas ng timbang, at lubos na pagpawis tuwing gabi. Kapag dumaranas kayo ng pag-ubo na higit sa loob ng dalawang linggo, pumunta sa pinakamalapit na ospital, clinic o anumang medikal pasilidad upang magpatingin.

Ngunit, sa ilang mga kaso ay walang pinapakita na sintomas ang TB. Siguraduhin na magpatingin kayo na may kasamang pag-xray sa dibdib isang beses bawat taon, sa lugar ng trabaho o sa pinakamalapit na health center.

**Ang pagkakaiba ng "Dormant (Natutulog) na TB" at ng "Aktibong TB"**

Karaniwan, kahit na makalanghap ng *M. tuberculosis*, halos lahat ng mycobacteria ay napapatay ng immune system sa ilong at lalamunan. Ang paghawa ay nangyayari kapag ang mycobacteria ay nakarating at dumami sa loob ng baga. Kapag ang taong nahawaan ay walang pinapakita na sintomas, sinasabi na ang TB ay "dormant (natutulog)". Ang dormant (natutulog) na TB ay hindi nakakahawa.

Ang TB ay nangyayari tuwing ang *M. tuberculosis* ay dumarami sa katawan ng nahawaan na tao at nakakaramdam ng sakit. Ang kadalasang nagkaka-TB ay ang mga taong may impeksyon kamakailang lamang, at mga tao na may mahinang immune system. Sinasabi na ang 10-20% ng tao na nahawaan ng *M. tuberculosis* ay humahantong sa aktibong TB. Sa unang bahagi ng aktibong TB, ang plema o ubo ng pasyente ay hindi naglalaman ng *M. tuberculosis*. Ngunit, sa pagpatuloy ng sakit, ang mycobacteria ay pumapasok sa plema at ubo, rumeresulta sa pagkalat nito.

Ang aktibong TB ay karaniwang nade-develop sa loob ng 6 na buwan hanggang 2 taon mula pagkahawa. Maari din ito ma-develop matapos ng ilang dekada mula mahawaan.

**Paggamot para sa sakit na TB: Pangmatagalang gamutan gamit ang kumbinasyon ng iba't-ibang gamot**

Ang mga pasyente na may TB ay nangangailangan na uminom ng gamot.

Maaring kailanganin na uminom ng 3 o 4 na uri ng gamot laban sa *M. tuberculosis*

araw-araw sa loob ng mahigit na 6 na buwan. Depende sa sintomas at paglala ng sakit, mayroong mga pasyente na kinakailangang ipagpatuloy ang pagpapagamot ng mahigit sa isang taon. Ang pagkuha ng magkaibang gamot araw-araw sa loob ng mahabang panahon ay nagtitigil sa pagdami ng mycobacteria at binabawasan ang panganib ng pagbalik ng sakit. Kaya mahalaga na ang mga pasyente ay sundin ang inireseta na gamot hanggang matapos ang gamutan. Kung kayo ay nag-aalala tungkol sa inyong gamot, konsultahin ang inyong doktor. Napakahalaga na di ninyo tigilan ang pag-inom ng gamot nang walang konsulta sa inyong doktor.

**Check-up sa mga madalas na nakakahalubilo ng taong may TB**

Upang maagang malaman kung may dormant (natutulog) o aktibong TB ang mga madalas na nakakahalubilong tao ng pasyenteng may TB, kasama ang kanilang pamilya o katrabaho, ang mga health center ay nagsasagawa ng check-up para sa mga ito. Ang posibilidad na mahawa ay depende sa sintomas ng pasyente, edad ng taong nakahalubilo ng pasyente, at ang antas ng exposure sa bacteria. Ang health center ay magtatalaga ng schedule ng check-up sa kanila kung kinakailangan.

Kapag nalaman na may dormant (natutulog) na TB ang isa sa mga nakahalubilong tao, maaring kailanganin na siya ay uminom ng gamot upang maiwasan ang paglala ng sakit.

**Proseso pagkatapos malaman na may TB mula sa konsultasyon**

1. Alinsunod sa batas ng Japan, sinumang doktor na nakapag-diagnose ng pasyenteng may TB ay kinakailangang abisuhan ang pinakamalapit ma health center sa kanilang lugar.
2. Ang staff ng health center ay bibisita at iinterbyuhin ang pasyente, magbibigay ng paliwanag tungkol sa paggamot ng TB at pampublikong pondo para sa paggamot nito, at magbibigay ng suporta sa pasyente.
3. Sa ibang kaso, ang health center ay maaring magpatupad ng check-up sa madalas na makahalubilong kapamilya, kaibigan at katrabaho ng pasyente. Kapag may TB ang pasyente, maari nilang mahawaan ang mga taong madalas niyang makahalubilo. Sa kabilang dako, maari din nahawa ang pasyente mula sa taong may TB na madalas nilang makahalubilo.

Kung mayroon kayong katanungan tungkol sa TB, mangyari lamang kumunsulta sa pinakamalapit na health center.

